Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN



Gayundin ay pinagtibay ang:

APPROVED:
RESOLUTION No. 268, t. 1989
PROVINCIAL BOARD
Hunyo 7, 1989

KAPASIYAHAN BLG. 58-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Perez)

ANG KAPASIYAHANG kumikilala at nagtitibay sa kasunduang pinasok ni Punumbayan Roberto R. Gonzales upang maipagawa ang mga panukalang pagawaing bayan na nakapaloob sa Kapasiyahan Blg. 57-'88 alinsunod sa mga itinatadhana ng batas.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

****************

Para naman sa ikagagaling ng mga mamamayang maninirahan sa Bgy. Market Area at Sinalhan ay pinagtibay ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXVIII-'88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Babasanta)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang TATLUMPUNG LIBONG PISO (₱30,000.00) mula sa Kabang Bayan upang iukol sa pagpapaluwang ng Daang Tatlonghari (widening of Tatlonghari Street) mula sa panulukan (corner) ng Rizal Blvd. at Daang Tatalonghari hanggang sa kahabaan ng Daang karatig ng pamilihang bayan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 268, t. 1989
PROVINCIAL BOARD
Hunyo 7, 1989

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

****************

Ibinalik ng kapulungan ang paksang may kinalaman sa kahilingan ng Sangguniang Bayan ng Biñan na magtibay ng isang kapasiyahan na humihiling kay Pangulong Aquino na ang halalang pambarangay ay tustusan ng pamahalaang nasyonal.

IPinaliwanag ng Punumbayan na nagkaroong ng pagpupulong ang COMELEC at Kagawaran ng Pamahalaang Pampook at doon ay pinagpasiyahan na ang tutustos sa halalan ay ang Kagawaran; na ang dahilan ng paghiling sa Pangulo ay napipintong ang gastusin ay ipapasa sa pamahalaang bayan;

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

GEMINIANO S. BABASANTA
Kagawad